



Pebrero 2, 2023

Ang mga residente at negosyo sa Brampton iniimbitahan na magbigay ng feedback, ideya sa 2023 Badyet ng Lungsod

BRAMPTON, ON – Ang Lungsod ng Brampton ay humihingi ng input, mga ideya at feedback mula sa mga residente, pangkat ng komunidad, at may-ari ng mga negosyo para makatulong sa paghubog ng 2023 Badyet ng Lungsod.

Iniimbitahan ang mga kasapi ng publiko na makilahok sa buong proseso ng badyet dahil ang Lungsod ay nagho-host ng isang serye ng mga telephone town halls, ward-specific coffee chats at isang roundtable ng negosyo.

Magpatala ngayon: Tele Town Hall ng Badyet #1 – Pebrero 7

Ang Chair ng Badyet, Mayor Patrick Brown at ang Vice Chair, Konsehal Paul Vicente ay magho-host sa unang Badyet 2023 Telephone Town Hall sa Martes, Pebrero 7, 2023, mula 7 hanggang 8:30 pm.

Mag-sign up upang makatanggap ng tawag at mapakinggan, mangyaring [i-click dito](#). Ang mga kalahok ay pwede ring makinig [online dito](#).

Ang mga kalahok ay magkakaroon ng pagkakataon na ibahagi ang mga prayoridad ng komunidad, magtanong sa staff ng Lungsod, at mag-alok ng mga ideya habang ang Mayor at ang mga Konsehal ay nagsisikap sa 2023 Badyet.

I-save ang mga Petsa

Kabilang sa karagdagang mga pagkakataon para makilahok sa proseso ng 2023 Badyet ang:

- Ward Coffee Chats – Pebrero 17, 20 at 21, 2023
- Virtual Business Roundtable – Pebrero 23, 2023 sa 8 am
- Telephone Town Hall #2 – Pebrero 25, 2023 sa 12 pm

Ang mga detalye sa hinaharap sa mga birtwal na link, timing at (mga) lokasyon ay ipapakita sa www.brampton.ca/budget at sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram ng Lungsod ng Brampton](#).

Timeline ng Badyet 2023

Ang pinanukalang badyet ay ipo-post sa website ng Lungsod sa Miyerkules, Pebrero 15.

Magsisimula ang mga deliberasyon sa Pebrero 27, 2023, na ang pag-apruba ng badyet na pinlano para sa Marso 8, 2023.

Ang taunang badyet ng Lungsod ng Brampton ay tumutukoy sa mga prayoridad, layunin at inisyatiba na nagtitiyak ng mabuting paggamit ng mga resource at mga link pabalik sa ating Strategic na Plano, na tumutuon sa kung ano ang pinakamahalaga sa mga residente.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa 2023 Badyet ng Lungsod ng Brampton, bisitahin ang www.brampton.ca/budget.



BRAMPTON

Service and Information Update

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca